



TOMÁS J. ARAGÓN, M.D., Dr.P.H.
Direktor & Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan

Estado ng California—Ahensiya ng Serbisyong
Pangkalusugan at Pangkatauhan
**Departamento ng Pampublikong
Pangkalusugan ng California**



GAVIN NEWSOM
Gobernador

Hunyo 19, 2023

PARA SA:

Lahat ng mga taga-California

PAKSA:

Patnubay para sa Pagpapabakuna Tuwing Nagbubuntis

Kaugnay na mga Materyales: [Pilyego ng Bakuna at Pagbubuntis](#) | [Kunin ang Katotohanan sa Bawat Bakuna](#) | [Karagdagang Pangangalaga sa Kalusugan & Patnubay sa Pagpapasuri](#) | [Karagdagang sa mga Bakuna](#) | [Lahat ng Patnubay](#) | [Karagdagang mga Wika](#)

Mga Pagbabago hanggang Hunyo 19, 2023:

- Binagong mga rekomendasyon at mga pinagkukunan kaugnay sa sa booster at wika sa bakun ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC)

Rinerekomenda ng California Department of Public Health (CDPH), ang [CDC](#), ang American College of Obstetricians and Gynecologists (ACOG) at ang Society for Maternal-Fetal Medicine ang pagpapabakuna sa COVID-19 para sa mga tao na nagbubuntis, nagpapasuso, sinusubukan na magbuntis ngayon, o maaaring maging buntis sa hinaharap.

Ikaw ay maaaring may mga katanungan tungkol sa pagpapabakuna at pagbubuntis, na normail ito. Maaari namin sagutin ang maraming mga kadalasang mga katanungan sa ibaba. Ngunit, maaari ka ring makipag-usap sa tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan upang matulungan la na magpasya kung kukuha ng bakuna sa COVID-19 at konsiderahon ang pagsusuri dito sa [CDC webpage](#) para sa karagdagang impormasyon.

Mga Katanunagn at Kasagutan

Ligtas ba na magpabakuna tuwing nagbubuntis?

Oo, ang pagpapabakuna sa COVID-19 bago, tuwing at pagkatapos ng pagbubuntis ay [ligtas at epektibo](#), at ang mga bakuna sa COVID-19 ay hindi nagdudulot ng problema sa pertilidad.

Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California/Opisina ng
Pampublikong Sangkatauhan
P.O. Box 997377 • MS 0502 • Sacramento, CA 95899-7377
(916) 440-7259 • (916) 440-7505 FAX
www.cdph.ca.gov



Kung ikaw ay buntis o nagpapasuso, maari ikang pumili na kunin ang mRNA COVID-19 na bakuna (Moderna o Pfizer-BioNTech) o Novavax COVID-19 na bakuna. Ikaw rin ay maaaring makatanggap ng bagong bivalent mRNA vaccine at boosters kapag karapt-dapat.

Ang mga bakuna na ito ay gumagamit ng maliit, hindi nakakasakit na piraso ng virus na nagpapabuti sa immuni na tumugon ngunit hindi ito nagdudulot ng sakit. Kung ikaw ay nailantad sa COVID-19 pagkatapos ng pagpapabakuna, natutukoy ng iyong immune system ang virus at gumagawa ang mga antibodies upang protektahan ka at ang iyong sanggol laban sa COVID-19.

Ipinapakita ng mga eksperto at maraming malaking pag-aaral ng sampung mga libo na mga tao na ang pagpapabakuna ng mga nagbubuntis o nagpapasuso na mga tao ay ligtas para sa kanila at sa kanilang mga sanggol.

Ikaw ay maaaring magkasakit sa COVID-19 kung ikaw ay buntis. Ang impeksyon sa COVID-19 ay nagpapalalala sa panganib sa preterm o stillborn na panganganak.

Gumagana ba ang COVID-19 na bakuna?

Oo, ang COVID-19 na mga bakuna ay nagbibigay ng proteksyon laban sa COVID-19. Gumagana ang bakuna sa pagiiging ng pagtugon sa immune na nagdudulot sa iyong katawan na gumawa ng protektibong mga antibodies, na lumilipat sa sinapupunan ng sanggol. Ang pagkumpleto sa dalawang dosis na pangunahing mRNA COVID-19 na serye ng bakuna at kumpleto sa mga bakuna [tuwing nagbubunits](#) ay maaaring makatulong na protektahan ang nakababatang mga sanggol na nasa 6 na buwan ang edad mula sa opitalisasyon dahil sa COVID-19.

Naproprotektahan ba ng bakuna ang sanggol?

Oo, kapag natanggap ang mga bakuna sa COVID-19 tuwing nagbubunits, ikaw ay may nabubuon antibodies laban sa COVID-19 na naipapasa sa sinapupunan ng iyong sanggol. Ito ay nagprotektahan sa iyong mga sanggol laban sa COVID-19 mula sa unang araw at madaalas sa ilang mga buwan. Ito ay mahalaga sa panahon ng iyong sanggol ay bata pa na magpabakuna at maaring magkasakit kung nahawaan sa Covid-19 o ibang impeksyon sa respiratoryo.

Ano ang pangmatagalang mga termino na epekto sa aking bata kung ako ay nagpabakuna ng COVID-19 tuwing nagbubuntis?

Ang COVID-19 na bakuna ay ligtas na nagprotektahan sa iyo at sa iyong anak laban sa COVID-19 na walang pangmatagalang termino na epekto. Ang bakuna ay hindi makakahawa sa iyo o sa iyong sanggol na may COVID-19, dahil ang ibinibigay na COVID-19 ng U.S. ay hindi gumagamit ng virus na nagdudulot ng COVID-19.

Paano kung ako may ibang kondisyon sa kalusugan o may mahina na immune system?

Ikaw ay maaaring may [kondisyon sa kalusugan](#) dagdag sa pagbubuntis na naglalagay sa mas mataas na panganib ng malubhang sakit mula sa COVID-19, trangkaso, o ibang impeksyon sa respiratoryo. Kumonsulta sa iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan kung ikaw ay may karagdagang pag-alala tungkol sa pagpapabakuna at pagkumpleto upang protektahan ka at ang iyong pagbubuntis.

Paano ko maiiwasan ang pagkuha ng COVID-19? Mas malala ba ang COVID-19 kung ako ay nagbubuntis?

Kung ikaw ay buntis o katatapos na na magbuntis ikaw ay maaring [magkasakit sa COVID-19](#), kasama ang ospitalisasyon, sa intensive care unit (ICU), o paggamit ng ventilator o espesyal na kagamitan sa paghinga.

Pinapataas mo rin ang panganib sa maagang terminong ng panganganak (panganganak ng sanggol bago ang 37 na linggo), stillbirth, neonatal ICU admission, at fetal distress.

- Konsiderahin ang pagsuot ng [face mask](#) kapag ikaw ay nasa looban na pampublikong lugar, kahit na ikaw ay napabakunahan kapag marami sa komunidad ay may kasalukuyang COVID-19 o ibang impeksyon sa respiratoryo at maaaring makahawa sa iba. Sumangguni rin sa iyong lokal na departamento ng kalusugan para sa lokal na data.
- Hugasan ang iyong kamay nang regular ng sabon at tubig na hindi bababa ng 20 na segundo o gumamit ng hand sanitizer na base sa alkohol ng hindi baba sa 60 na porsyeto ng alkohol.
- Alagaan ang iyong katawan upang panatilihin ang mabuting kalusugan. Tandaan na kumain ng malusog na pagkain, magehersisyo araw-araw at matulog nang mabuti.
- Gumawa ng oras na magpahinga sa mga aktibidad na iyong nais sa iyong tahanan. Huminga ng malalamim, umunat, o magmeditate.
- Kumonekta sa iba. Kausapin ang mga tao na iyong pinagkakatiwalanan tungkol sa iyong mga pag-alala at ano ang iyong nararamdaman.
- Kumpletuhin ang petsa: rinerekomenda na ang mga buntis at nagpapasuso an manatiling kumpleto sa kanilang mga bakuna sa COVID-19 at influenza.

Ano pa ang kailangan ko na malaman tungkol sa pagkuha ng bakuna sa COVID-19 tuwing nagbubuntis?

- Ikaw ay maaaring may [epekto](#) pagkatapos ng pagpapabakuna, tulad ng sakit sa katawan, panlalamig, at pagkapagod. Ito ay normal para sa lahat, at ito ay pansamantala lamang. Para sa karagandang impormasyon, [ang mga Bakuna ng CDC habang Nagbubuntis at Nagpapasuo](#).
- Kumonsulta sa iyong tagapagkalob ng pangangalaga sa kalusugan kung ikaw ay may lagnat tuwing nagbubuntis, para sa anumang rason. Rinerekomenda ang Acetaminophen (Tylenol®) at ligtas para sa karamihan na nagbubuntis na nakakaranas ng lagnat.
- Kung ikaw ay may [kasaysayan ng malubhang reaksiyon na alerhiya](#) sa anumang bakuna o itinutirok na gamot, kausapin ang iyong tagapagkaloob sa kalusugan bago magpabakuna.
- Ikaw ay hindi dapat tanggihan sa bakuna sa COVID-19 dahil ikaw ay buntis.
- Kung ikaw ay buntis, ikaw ay dapat kumuha din ng whooping cough (Tdap) na bakuna ng 27-36 na linggo ng pagbubuntis at influenza (flu) na bakuna sa anumang oras sa panhon ng pagbubuntis. Ligtas na tumanggap ng mga bakuna na ito sa parehong panahon na nakuha ang iyong bakuna sa COVID-19, at protektahan ka nito, ang iyong pagbubuntis, at ang iyong sanggol pagkatapos ng panganganak.

Ano ang dapat kong gawin kung ako ay may sakit?

Tawagan ang iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan kung ikaw ay may anumang sumusunod na [COVID-19 na sintomas](#): lagnat, ubo, kakulangan sa paghinga, panlalamig, sakit sa ulo, sakit sa kalamnan o kawalan ng pang-amoy o panlasa, pambabara o tumutulog sipon.

- [Magpasuri](#) kaagad kahit na iakw ay napabakunahan.
- Sundin ang mga rekomendasyon sa [CDPH patnubay ng pagbubuklod](#) kung ikaw ay may sintomas ng COVID-19 o nasuring positibo.

Paano nakakaapekto ang COVID-19 sa aking sanggol?

Maaring magdulot ang COVID-19 ng malubhang impeksyon sa mga bata at mga sanggol. Ang pagpapabakuna habang ikaw ay nagbubuntis ay nagbibigay sa mga nagbubuntis ng proteksyon sa mga sanggol 6 na buwan pababa na kasalukynag hindi karapat-dapat sa pagpapabakuna. Kung ikaw ay nasuring may COVID-19 o ibang impeksyon sa respiratoryo at naghahanda sa panganganak, makipag-usap sa iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan. Sundin ang kanilang mga rekomendasyon kung paano mas mabuti na protektahan ang iyong sanggol.

Kapag dinala ko ang aking bagong silang na sanngol sa bahay, OK ba na magkaroon ng mga bisita?

Upang tulungan ka na protektahan ang iyong anak, ilayo ang iyong anak sa mga tao. Hilingin ang iyong pamilya, kaibigan, at mga tagapangalaga na kumpletuhin ang kanilang COVID-19 at ibang mga bakuna, kasama ang whooping cough at flu na bakuna. Konsiderahin na magpasuri ang mga bisita para sa COVID-19 bagi bumisita. Ipaala ang mga tao sa paligid ng iyong sanggol na maghugas ng kamay nang madalas.

Huling Napag-aralan noong Hunyo 19, 2023
Orihinal na Ipinahayag noong Mayo 21, 2021